

Mga pasahero na handa nang sumakay sa isang tren sa bagong Melton Station

Tagalog

Melton at Truganina, Oktubre 2026

Pagbabago ng Melton

LEVEL CROSSING REMOVAL PROJECT

Inalis na namin ang mga level crossing sa Coburns, Exford at Ferris Road sa Melton at sa Hopkins Road sa Truganina at ang bagong madaling mapuntahan na Melton Station ay bukas na para sa mga pasahero.

Wala nang boom gate ang Melton. Sa pagkumpleto ng mga bagong tulay na riles sa ibabaw ng Coburns at Exford Road, nawala ang halos kalahating oras na paghihintay sa mga panahon ng kasagsagan ng trapiko sa umaga.

Nagbukas ang Exford Road noong Agosto pagkatapos na maalis ang imprastraktura ng riles at ibinaba ang daan upang makapagbigay ng 4.8 na metrong agwat sa ilalim ng bagong tulay na riles.

Binuksan ang Coburns Road noong Setyembre pagkatapos ng muling pagpapatayo upang makagawa ng isang mas makinis na ibabaw para sa mga tsuper.

Ang Setyembre ay nagpahayag din ng pagbubukas sa bagong nakataas, madaling mapuntahan at modernong istasyon na nakahanda para sa hinaharap na electrification (paggamit ng de-koryenteng tren).

Ang pag-alis ng mga boom gate sa Coburns at Exford Road ay naghudyat sa ika-93 at ika-94 na pag-alis ng mga level crossing, na nagresulta ng mas ligtas at mas maaasahan na paglalakbay para sa lokal na komunidad.

Maraming salamat sa inyong pasensya habang tinatapos namin ang mga huling gawain sa bagong lokalidad ng Melton Station **hanggang sa unang bahagi ng 2027.**

Mga benepisyo ng proyekto

- Moderno at madaling mapuntahan na Melton Station
- Inalis na ang mga boom gate sa Coburns, Exford, Ferris at Hopkins Road
- Na nag-alis ng halos **kalahating oras** na paghihintay sa mga boom gate sa umaga
- Makakatipid sa oras ng paglalakbay para sa **73,000 na mga sasakyan** sa bawat araw ng trabaho
- Pinahusay na kaligtasan at mas mabuting mga koneksyon

Mag-sign up para sa mga update
levelcrossings.vic.gov.au

VICTORIA'S BIG BUILD

Mga huling gawain sa Melton Station

Ang bagong Melton Station ay bukas, kung saan ay patuloy ang trabaho ng mga manggagawa sa paligid ng istasyon.

Upang bigyang-daan ang pagsulong ng mga gawain sa mga station car park, hilagang forecourt (harap ng istasyon) at bagong bus interchange, mananatili ang mga pansamantalang pagbabago sa paligid ng Melton Station hanggang sa **unang bahagi ng 2027**.

Kabilang dito ang:

- Mga PTV bus stop para sa mga ruta na **452**, **453**, **454** at **457** na pansamantalang nakalagay sa Staughton Street.
- Mga PTV bus stop para sa mga ruta na **455** at **459** na pansamantalang nakalagay sa Brooklyn Road patungo sa Coburns Road.


Ang mga panandalian na yugto-yugtong pagsasara ng hanggang sa 30 espasyo ng sasakyan sa Staughton Street car park ay magpapatuloy hanggang sa huling bahagi ng 2026 habang tinatapos ng mga manggagawa ang mga sumusunod na gawain:

- landscaping
- pagmamarka ng linya
- pagpipintura
- mga gawain sa paagusan ng tubig.

Kapag nakumpleto na ang istasyon sa unang bahagi ng 2027, aasahan ng mga pasahero ang:

- Ticket office na may mga tauhan na kung saan ang customer service window nito ay katamtaman ang taas
- Waiting room na air-conditioned
- Mga pasilidad ng palikuran na may anim na mga kubeta
- Bus interchange na may pitong mga bus bay
- Mahigit sa 900 na espasyo ng sasakyan na magagamit
- Hilagang forecourt at parkiteer na may limang karagdagang mga pick-up at drop-off bay.

Mapa ng lokalidad ng Melton Station



HINDI EKSAKTO ANG SUKAT

Legend

Melton Station · Pasukan ng car park · Nakabukas na bus stop · Car park · Pasukan ng istasyon · Bawal pumasok ang mga naglalakad · Lugar ng konstruksyon (bawal pumasok ang publiko)

Daanan ng mga naglalakad · Parking para sa mga may kapansanan · Saradong bus stop · Saradong paradahan · Hintuan ng V/Line replacement bus at coach · Pasukan ng mga naglalakad · Harap ng istasyon

Konsepto lamang. Maaaring baguhin.



Mga track work sa Cobblebank train stabling yard

Pag-upgrade ng Melton Line naghahanda para sa mga mas mahabang tren

Makakatakbo na ang mga mas mahabang nine-car VLocity train sa Melton Line sa susunod na taon, na mas maaga sa isang taon kaysa sa iskedyul.

Ang pagpapatakbo ng mas mahabang mga tren ay magpapalaki sa kapasidad ng mga pasahero ng 50 porsyento sa mga oras ng kasagsagan.

Sa Agosto, ang aming mga tauhan ay nagtrabaho sa araw at gabi habang hindi tumatakbo ang mga tren upang kumpletuhin ang mga mahahalagang gawain sa Cobblebank Station, Rockbank Station at sa bagong Cobblebank train stabling yard.

Pinahaba ang mga platform sa Cobblebank at Rockbank station at ikinonekta ang mga bagong riles ng tren para sa stabling yard sa kasalukuyang Melton Line.

Ang mga manggagawa ay nagsagawa rin ng paghuhukay at mga gawain sa paagusan ng tubig at signalling sa stabling yard.

Nakahanda para sa hinaharap na electrification ng Melton Line, kakayanin ng stabling yard ang mga tren na maimbak, linisin at ihanda para sa unang serbisyo mula sa bagong Melton Station.

Sa pamamagitan ng mga bagong nine car train na pumapasada na sa mga istasyon ng Deer Park at Wyndham Vale, mararanasan din ng mga pasahero ng Melton Line ang ganoong mga benepisyo kapag nakumpleto na ang mga gawain sa 2027.

Upang malaman ang karagdagan tungkol sa Cobblebank stabling yard, pati na ang kung paano ito itatayo, maaari mong basahin ang aming mga factsheet sa **levelcrossings.vic.gov.au/melton-line-upgrade**

Electrification ng Melton

Ang imbestigasyon ng mga site ay nagpapatuloy sa kahabaan ng lupang nasasakupan ng riles sa pagitan ng Sunshine at Melton upang gabayan ang hinaharap na electrification ng Melton Line.

Kasalukuyang isinasagawa ang mga detalyadong pagtatasa sa mga katutubong halaman, hayop at pamanang kultural. Patuloy ninyong makikita ang aming mga tauhan na nagtatrabaho sa paligid ng riles habang higit naming tinutukoy ang saklaw ng proyekto.

Ang electrification ay magpapahintulot sa mas maraming mga tren na tatakbo sa kahabaan ng Melton Line, na magbibigay-serbisyo sa mga lumalagong komunidad sa kanluran ng Melbourne.

Inaasahang matatapos ang mga gawaing pangkaunlaran sa **gitna ng 2027**.

Timeline ng proyekto

2022
- Ipinahayag ang proyekto

2024
- Ipinahayag ang Cobblebank train stabling yard
- Pakikipag-ugnayan sa komunidad

2025
- Mga imbestigasyon ng site
- Napabilis ang Pag-upgrade ng Melton Line
- Konsultasyon sa pag-apruba ng pagpaplano ng Cobblebank train stabling yard

2026
- Simula ng konstruksyon sa Cobblebank train stabling yard at mga pagpapahaba ng mga platform
- Binuksan ang bagong Melton Station

2027
- Patuloy ang konstruksyon
- Magbubukas ang bagong Cobblebank train stabling yard
- Pinayagang tumakbo ang mga nine-car VLocity train sa Melton Line

** Ang timeline ay maaaring magbago.*

Gagawing mas berde ang Melton

Ang mga balik-puna ng komunidad ay tumulong sa paghubog ng pagpagtatanim at landscaping sa lokalidad ng Melton Station at sa mas malawak na saklaw ng proyekto.

Makukumpleto ang landscaping sa mga **unang bahagi ng 2027** habang dinadagdagan namin ang kulandong ng mga puno sa Melton ng mahigit sa 20 porsyento sa pamamagitan ng pagtatanim ng:

mahigit **600** na mga katutubong puno

mahigit **120,000** na mga katutubong halaman, mga palumpong at mga damo

Sa Ferris Road, kami ay nagtatanim din ng mahigit **200** na mga katutubong puno at mahigit **45,000** na mga katutubong halaman at mga palumpong na unti-unting tatanda sa paglipas ng panahon.

Pagdiriwang ng Komunidad sa Ferris Road

Nagsidatingan nang maramihan ang komunidad upang ipagdiwang ang bagong tulay ng Ferris Road, na nagbukas noong Hulyo, na nagpasigla sa kaligtasan at nagpabawas sa trapiko.

Nagtipon-tipon ang mahigit 500 na mga lokal para sa kaganapang pagdiriwang noong Linggo, ika-30 ng Agosto, na nagtamasa ng mga pampamilyang aktibidad na kabilang ang face painting, Lego building at mga mini electric car ride kung saan ang mga lokal na negosyante ay nag-cater sa kaganapan.

Malapit nang matamasa ng komunidad ang isang First Nations Resting Space na nasa tabi ng bagong tulay ng Ferris Road, na nilikha kasama ang mga Nakatatanda mula sa Wurundjeri Woi-wurrung Cultural Heritage Aboriginal Corporation.

Maaari mong basahin ang karagdagan sa aming factsheet sa levelcrossings.vic.gov.au/melton



Tinatamasa ng komunidad ang pagdiriwang ng Ferris Road



Crown & Grace Barbers

Matatagpuan sa Staughton Street sa Melton South, ang Crown & Grace Barbers ay iyong lokal na destinasyon para sa mga sariwang gupit, dekalidad na pagpapagpogi at isang gwapong resulta.

Nag-aalok ng pambihirang karanasan sa pagpapapogi, ang Crown & Grace Barbers ay nagbibigay ng bagong kahulugan sa estilo para sa lokal na komunidad ng Melton.

Mula sa mga tradisyonal na hot-towel shave hanggang sa pangkasalukuyang mga skin fade, ang Crown & Grace Barbers ay naghahatid ng walang kaparis na mabusising pagbibigay ng iyong sariwang hitsura para sa tagsibol.

Kilala sa kanilang mga istilo na klasiko at makabago, gagawin kang pogi ng Crown & Grace Barbers sa pamamagitan ng kanilang mga gupit, pag-ahit, balbas o mga skin fade.

Bukas mula Martes hanggang Sabado, mga walk-in lamang, 1a Staughton Street, Melton South



Si Kian, may-ari at barbero sa Crown & Grace Barbers sa Melton South

levelcrossings.vic.gov.au

levelcrossings@bigbuild.vic.gov.au

Para sa mga wika na maliban sa Ingles, pakitawag ang 9209 0147.

1800 105 105 (tumawag sa anumang oras)

Mangyaring makipag-ugnay sa amin kung gusto mo ang impormasyon na ito sa isang accessible na anyo. Kung nangangailangan ka ng tulong dahil sa isang pagkapinsala sa pandinig o pananalita, bisitahin ang **relayservice.gov.au**

VICTORIA State Government

NWP13244